# Balitang Manmin

BILANG 61  MAYO 6, 2012

# Ang Ebanghelyo ng Kabanalan – Lumalalim na ang Ugat sa Islamic Republic ng Pakistan!

## Hinirang si Dr. Jaerock Lee Bilang Pandaigdigang Tagapangulo ng Konseho ng mga Obispo at Pinuno ng mga Pambansang Iglesya sa Pakistan









■ Litrato 1: Krusada na may Mahimalang Pagpapagaling na pinangunahan ng Water of Life Church na dinaluhan ng humigit-kumulang 10,000 tao (Idinaos ito sa FGA Ground sa Lahore) ■ Litrato 2: Ipinapangaral ni Pastor Taesik Gil ang mensahe sa Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling sa Lahore (kaliwa) ■ Litrato 3: Nagpapatotoo si Kap. Tarik Gil na gumaling ang masakit na ulo ■ Litrato 4: Ang mga pastor mula sa mga iglesyang nagpalista bilang katuwang ng Manmin

Makapangyarihan ang ebanghelyo ng kabanalan kahit sa Islamic Republic ng Pakistan.

Noong Marso 12-30, 2012, nagsimula ang biyahe para sa pagmimisyon patungo sa Pakistan. Bumisita si Pastor Taesik Gil (Daejon Manmin Church) sa pitong lungsod kasama ang Lahore, Sialkot, at Faisalabad at nanguna sa pitong Seminar para sa mga Pastor at sampung Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling (Ang Mga Gawa 19:11-12). (Basahin ang mga kaugnay na kuwento sa pahina 4)

Inorganisa ang biyaheng ito para sa pagmimisyon bilang tugon sa mga kahilingan ng mga obispo na mula sa dalawang kapulungang Cristiano: Church of Pakistan Assembly at Methodist Assembly. Matagumpay na naisagawa ang mga Seminar para sa mga Pastor at ang mga Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling, sa pagbabantay at pag-alalay ng mga pulis sa lugar. Resulta ng matagumpay na mga krusada ang mga kamangha-manghang pangyayari: nagpalista bilang mga sangay at katuwang ng Manmin ang limampu't anim na iglesya at ang lokal na kapulungan ng Metodista na mayroong walumpu't walong iglesya ay nagpalista rin bilang katuwang na kapulungan.

Bukod pa dito, nagkakaisang pinili ng Konseho ng mga Obispo at mga Pinuno ng mga Pambansang Iglesya ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee bilang Pandaigdigang Tagapangulo. Ang konsehong ito ay mayroong mahigit-kumulang walumpung mga pastor at kinatawan at ngayon lang nangyaring nagkakaisang pinili ng lahat ng isang tao. Sinabi ng Obispo Yousaf Sohail, "Pinili namin siya dahil gusto naming lumago ang buhay espirituwal ng mga pastor at mananampalataya na taga-Pakistan. Gusto rin naming tumanggap ng biyaya sa espirituwal niyang pamumuno."

Dahil kalooban ng Diyos na ang lahat ng tao ay maligtas at malaman ang katotohanan, kumikilos Siya sa Pakistan upang magkaroon ng bunga ang gawain doon. Idinaos ni Dr. Jaerock Lee ang Krusada ng Pagkakaisa sa Pakistan noong taong 2000 at ipinahayag niya na si Jesus ang Tanging Tagapagligtas natin. Dahil sa krusada, maraming tao ang nabago. Ang krusadang ito ang pinakamalaki sa kasaysayan ng mga gawain ng mga Cristiano sa mga bansang Islam, dinaluhan ito ng iba't ibang denominasyon.

Magmula noon, nagpatuloy na ang pagsasagawa ng mga Seminar para sa mga Pastor at mga Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling. Labintatlong beses nang bumibisita si Pastor Taesik Gil sa Pakistan at nakapagdaos na ng mga seminar at pagtitipon sa labing-isang lungsod. Ang ministeryo ng Manmin ay nagpapatuloy sa iba pang mga paraan tulad ng GCN TV (Global Christian Network), mga libro ni Dr. Jaerock Lee, *Balitang Manmin* sa wikang Urdu, at mga pagtuturo sa MIS (Manmin International Seminary).

Naipalaganap na sa pitumpu't tatlong lungsod sa Pakistan ang mga programa ng GCN TV na naglalaman ng ebanghelyo ng kabanalan at ng mga makapangyarihang pagkilos sa pamamagitan ng istasyon ng Isaac satellite TV (Pastor Anwar Fazal, Pangulo) at sa dalawandaan at limampu't tatlong sangay na cable TV networks. Hindi lang ito nagbibigay ng pagkakataon sa maraming Muslim na maging Cristiano, naibabahagi pa ang tungkol sa ministeryo sa kalapit na mga bansa.

Nagpapasalamat kami at niluluwalhati namin ang Diyos ng pag-ibig na patuloy na kumikilos at hindi humihinto para mailigtas ang lahat ng kaluluwa sa mundo.

# Ang Espirituwal na Kahulugan ng Muling Pagkabuhay

"Sinabi sa kanya ni Jesus, 'Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang mga sumasampalataya sa Akin, bagama't siya'y mamatay ay mabubuhay. At ang bawat mabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi mamamatay magpakailan man. Pinaniniwalaan mo ba ito?'" (Juan 11:25-26)

Ang muling pagkabuhay sa Biblia ay hindi lang nangangahulugang ang isang taong namatay na ay muling nabuhay. Nangangahulugan din itong mabubuhay siya magpakailanman. Si Jesus ay ipinako sa krus na kahoy para sa mga makasalanan at namatay dahil sa pagdanak ng dugo Niya. Pero sa ikatlong araw pagkatapos na mailibing, muli Siyang nabuhay at naging unang bunga ng muling pagkabuhay. Higit pa riyan, binibigyan Niya ng biyaya ng muling pagkabuhay at buhay na walang hanggan ang sinumang maniniwala sa muling pagkabuhay ng Panginoong Jesu-Cristo.

Samakatwid, ang muling pagkabuhay ang pinakamabuting handog sa mga Cristiano at ang muling pagkabuhay ay sa pamamagitan lamang ni Jesu-Cristo. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na matatanto ng puso ninyo ang espirituwal na kahulugan ng muling pagkabuhay at maalab na susulong kayo patungo sa Langit.

### 1. Una, ang muling pagkabuhay ay naglalarawan ng kapangyarihang nagmumula tanging sa Diyos lamang.

Kahit sa pinakamodernong siyensyang may kinalaman sa medisina, wala pang makakabuhay sa nabubulok at mabaho nang bangkay. Subalit muling binuhay ni Jesus si Lazaro na apat na araw nang patay. Nang ipag-utos Niya, "Lazaro, lumabas ka!" siya ay nabuhay muli (Juan 11:43-44). Ibig sabihin, binuhay ni Jesus ang bawat himaymay ni Lazaro kahit nabubulok na ito. Ito ay naging posible dahil lang sa kapangyarihan ng Diyos.

Kapag bumalik ang Panginoon sa himpapawid, isang bagay na mas kamangha-mangha pa ang mangyayari. Ang tagpong ito ay malinaw na inilalarawan sa 1 Mga Taga-Tesalonica 4:16-17. Sinasabi, "Sapagkat ang Panginoon mismo ang bababa mula sa langit na may sigaw, may tinig ng arkanghel, at may trumpeta ng Diyos, at ang mga namatay kay Cristo ay babangon muna. Pagkatapos, tayong nabubuhay na natitira ay aagawing kasama nila sa mga ulap, upang salubungin ang Panginoon sa papawirin, at sa gayon ay makakapiling natin ang Panginoon magpakailan man."

'Ang mga namatay kay Cristo' ay tumutukoy sa mga namatay na naniniwala sa Panginoon. Ang ilan sa kanila ay namatay daan-daan o kahit libo-libong taon na ang nakakalipas. Subalit pagbalik muli ng Panginoon sa himpapawid, ang mga katawan na matagal nang nabulok ay muling mabubuhay. Magiging espirituwal na katawan ang mga ito at sasalubong sa Panginoon.

Ang Diyos ang Siyang gumagawa ng lahat ng ito sa pamamagitan ng kapangyarihan Niyang lumikha ng lahat ng bagay sa Langit at Lupa. Sa kapangyarihan Niyang ito, binuhay Niyang muli si Jesus na ipinako sa krus. Itinala Niya ang kasaysayan ng pagkabuhay na muli ng Panginoon sa Biblia para maunawaan natin ang mga katangian ng katawang muling nabuhay. Ipinakita Niya sa atin ang mga ebidensya ng muling pagkabuhay para lubos na magtiwala ang mga mananampalataya na ang muling pagkabuhay ay totoong nangyari. Higit pa riyan, ipinapakita sa atin ng Diyos Ama ang makapangyarihang pagkilos Niya magpahanggang ngayon para maniwala tayo sa muling pagkabuhay.

Isang araw, aksidenteng nabuhusan ng kumukulong tubig ang isang babaing miyembro ng iglesya sa malaking parte ng katawan niya. Sunog na sunog ang balat niya. Wala nang pag-asang maisasalba pa ang balat at mga ugat niya. Subalit nang ipanalangin ko siya, gumawa ang Diyos ng panibagong balat at binuhay ang mga ugat niya na wala nang pakiramdam.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Nakaranas din ng muling pagkabuhay ng mga ugat nila ang mga taong nasa silyang may gulong at nakasaklay, at nakapaglakad silang muli nang walang anumang tulong. Kahit ang mga taong tumigil na sa paghinga at nanigas na ang mga katawan ay nabuhay muli. Tulad ng lahat ng mga pangyayaring ito, ang muling pagkabuhay ay mangyayari lang sa pamamagitan at awtoridad ng Diyos na Pinakamakapangyarihan sa lahat.

### 2. Ikalawa, ang muling pagkabuhay ay naglalarawan ng kaluwalhatian na ibinibigay sa atin ng Diyos.

Sinasabi sa 1 Timoteo 6:16, "Siya lamang ang walang kamatayan at naninirahan sa liwanag na di-malapitan; na hindi nakita ng sinumang tao, o makikita man. Sumakanya nawa ang karangalan at paghaharing walang hanggan. Amen." Siya ay tumatahan sa espirituwal na kaharian na puno ng magagandang liwanag, at namumuno sa buong sansinukob. Siya ang Panginoon ng mga panginoon na karapat-dapat tumanggap ng kaluwalhatian.

Pero gusto ng Diyos na ibahagi sa atin ang kaluwalhatiang ito sa halip na Siya lang ang magtamasa. Binalak Niya ang pangangalaga ng sangkatauhan para manahanan din tayo sa lugar ng magagandang liwanag at walang kamatayan magpakailanman. Nilikha ng Diyos ang unang nilalang na si Adan bilang isang buhay na espiritu, at inilagay Niya ito sa Halamanan ng Eden na nasa espirituwal na lugar para doon mamuhay. Subalit hindi maibibigay ng buhay sa Halamanan ng Eden ang ganap na luwalhati na gustong ibigay ng Diyos sa atin. Nais ng Diyos Ama na manirahan si Adan sa mas mataas na espirituwal na lugar kung saan Siya naninirahan.

Bilang isang buhay na espiritu sa Halamanan ng Eden, walang ideya si Adan tungkol sa buhay sa labas ng halamanan, kaya hindi niya nalalaman kung gaano kasaya at kahalaga ang buhay doon. Nalaman lang niya iyon nang suwayin niya ang Salita ng Diyos na nagsasabing huwag kumain mula sa puno ng pagkaalam ng mabuti at masama. Pinalayas siya sa halamanan at nakaranas ng pag-iyak, kalungkutan, karamdaman, at sakit. Ibig sabihin, nang maranasan niya ang kasalungat ng mga bagay na dati niyang nararanasan, doon lang niya minahal ng taos-puso ang Diyos ng Pag-ibig at katotohanan. Pagkatapos nito, tinamasa na niya ang walang hanggang kasiyahan sa Langit.

Ang Langit ay ibang-iba sa sukat kung ihahambing sa Halamanan ng Eden. Nagsisimula ito sa Paraiso at mayroon itong una, ikalawa, at ikatlong kaharian ng Langit at Bagong Jerusalem. Ang kaluwalhatian na gustong ibigay ng Diyos Ama sa atin ay ang kaluwalhatian ng Bagong Jerusalem. Walang pag-aalinlangang ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang tanging Anak Niya, si Jesus, at ipinadala din Niya ang Banal na Espiritu. Tinubos Niya tayo mula sa mga kasalanan natin sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, at binigyan ng luwalhating walang kamatayan, at kahit mamatay pa tayo, bubuhayin Niya tayong muli kung maniniwala tayo sa Panginoon.

Binibiyayaan din tayo ng Diyos sa paraang tatamasa din tayo kahit paano ng makalangit na kaluwalhatian sa mundong ito. Kung mananahan tayo sa Liwanag, na siyang katotohanan, ipinapaalam Niya at ipinapadanas Niya sa atin ang mga bagay na sa lugar lang ng Liwanag mangyayari. Hinahayaan din Niya tayong ipakita ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos at tumatanggap Siya ng kaluwalhatian sa pamamagitan natin. Sa oras na tumanggap ng kaluwalhatian ang Diyos, ibabahagi Niya ang kaluwalhatiang iyon sa mga anak Niya (Juan 13:32).

Gusto Niyang magkaroon tayo ng maluwalhating lugar na nagliliwanag tulad ng araw hindi lang dito sa mundo kundi sa Langit din. Ninanais Niya ito nang mas higit kaysa sa pagnanais natin. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na makikibahagi ka hindi lang sa kaluwalhatian ng muling pagkabuhay kundi pati sa kaluwalhatian ng Bagong Jerusalem.

### 3. Ikatlo, ang muling pagkabuhay ay naglalarawan ng dakilang pag-ibig ng Diyos Ama.

Tayo ay mga taong ni hindi makuhang isipin ang manirahan sa Langit. Tayo ay nakatakdang itapon sa walang hanggang apoy sa Impiyerno dahil sa mga kasalanan natin. Subalit ngayon, maaari na nating tamasahin ang masayang buhay sa Langit dahil ibinigay ng Diyos si Jesus para sa atin at binayaran Niya ang halaga ng kamatayan para sa atin.

Walang dahilan si Jesus, na nabuhay sa anyo ng Diyos, na magkatawang tao at magdusa sa kamatayan. Subalit dinanas Niya ang lahat ng sakripisyo para iligtas tayo sa kamatayan, hanggang sa pagkapako sa krus, hanggang sa mamatay Siya. Pero dahil wala Siyang kasalanan, muli Siyang nabuhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

Sinabi ni Jesus sa Juan 11:25-26, "Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang sumasampalataya sa Akin bagama't siya'y mamatay, ay mabubuhay." Sa pamamagitan ng muling pagkabuhay Niya, binigyan Niya tayo ng pag-asang magkaroon ng espirituwal na mga katawan at makapasok sa walang hanggang kaharian sa Langit. Ang lahat ng ito ay dahil sa dakilang pag-ibig ng Diyos Ama.

Hinugasan ng Diyos ng dugo ng Anak Niya ang mga puso at katawan nating may mantsa ng kasalanan. Pagkatapos, hinayaan Niyang tawagin natin Siyang 'Abba, Ama'. Siya ang Diyos na Liwanag at kabutihan mismo. Naghanda din Siya ng magagandang tirahan para sa atin para magkaroon tayo ng walang hanggang kapahingahan. Tulad ng mga magulang na nilalagyan ng mga dekorasyon ang kuwarto ng mga anak nila, inihahanda Niya ang mga tirahan natin, puno ng mga bagay na gusto natin.

Mahal kong mga kapatid, sa oras na tanggapin natin ang dakilang pag-ibig Niya, huwag na huwag natin Siyang ipakong muli sa krus. Umaasa akong magsisikap kayong labanan ang kasalanan hanggang sa dumanak ang dugo ninyo at iwaksi ito nang lubusan upang mabayaran ang pagpapala ng Diyos nang may taos-pusong pagpapasalamat. Idinadalangin ko na isuot nawa ninyo ang muling binuhay na katawang nagniningning upang yakapin ng Panginoon sa pagbabalik Niya.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Dahil sa Maalab na Pagkilos ng Banal na Espiritu,

## Nagbunga ng Masagana ang Ebanghelyo ng Kabanalan sa Thailand!







Nagdaos ng mga Seminar para sa mga Pastor at mga Pulong na may Panyong Nakakapagpagaling ang grupo ng pagmimisyon sa loob ng labindalawang araw. Ibinahagi din nila ang ebanghelyo at ang kapangyarihang nahayag sa Manmin Central Church at nagtanghal sila ng magaganda at madamdaming mga palabas sa Royal Military Academy, sa Youth Rehabilitation Centers, at sa iba pang mga pulong. ■ Litrato 1: Pagtitipon sa Royal Military Academy, Marso 15 ■ Litrato 2: Si Pastor Sungchil Lee (pangatlo mula sa kaliwa, sa harapan) at ang Misyonerong si Jaewon Lee (pangalawa mula sa kaliwa) kasama ang mga heneral ng Hukbo ng Thailand ■ Litrato 3: Pagtatanghal ng Sound of Light Chorus

Pagdalaw sa CRU Radio Station, Seminar para sa mga Pastor, at Patitipon na may Panyong Nakakapagpagaling sa Bandang Hilaga

Marso 10, Sabado

Pagsamba sa Unang Anibersaryo ng Chiang Rai Manmin Church at Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling

Marso 11, Linggo

Pagtitipon na may Pagbasbas sa Banubeca at Banccaruna Youth Detention Centers

Marso 13, Martes

Pagtitipon na may Pagbasbas sa Royal Military Academy

Marso 15, Huwebes

Ipinagdiwang ang ika-84 Kaarawan ng Hari ng Thailand at nagdaos ng Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling sa Katuwang na Iglesya ng Manmin

Marso 17-18,
Sabado at Linggo

Kamangha-manghang pagkilos ng Banal na Espiritu ang naipamalas at masaganang bunga ng ebanghelyo ng kabanalan ang nasimulan sa Thailand kung saan 95% sa populasyon ay Buddhist.

Mula Marso 9-20, nagbiyahe para sa pagmimisyon patungo sa Thailand sina Pastor Sungchil Lee at ang Sound of Light Chorus na kasapi sa Komite ng Sining at Pagtatanghal ng Manmin Central Church. Nagdaos sa hilagang bahagi ng Thailand ng Seminar para sa mga Pastor, Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling, Pagpupulong sa Royal Military Academy, at Pagpupulong sa Banubeca at Banccaruna Youth Detention Center (piitan ng mga kabataan o mga menor de edad). Si Pastor Sungchil Lee ang naging tagapagsalita. Niluwalhati ang Diyos ng The Sound of Light Chorus sa espesyal nilang pagtatanghal sa pagdiriwang ng ika-84 kaarawan ng Hari ng Thailand.

Sa biyaheng ito, ang ministeryo ng Manmin Central Church ay naibalita sa mga lider sa Thailand tulad ng mga opisyal ng gobiyerno, mga heneral sa hukbo, at mga kilalang mamamahayag. Naisaayos din ang pagsasagawa ng mga Seminar para sa mga Pastor sa Cambodia at Laos sa mga darating na araw. Ito ay magandang pagkakataon para maipalaganap nang mas mabilis ang ebanghelyo ng kabanalan at ang kapangyarihan ng Diyos sa Indochina at para magkaroon ng matatag na pundasyon ang Manmin sa pandaigdigang iglesya.

Magmula ng isugo bilang mga misyonero ng Manmin noong Nobyembre 2009, inilaan ng mga misyonerong sina Jaewon Lee at Sunok Lee ng Chiang Rai Manmin Church ang sarili nila sa pamamahagi ng mga libro ni Dr. Jaerock Lee sa wikang Thai. Nagdadaos din sila ng mga Seminar para sa mga Pastor. Sa pamamagitan ng mga misyonerong ito, maraming mga iglesya ang nagparehistro bilang sangay at katuwang na iglesya ng Manmin. Ipinapalabas din sa Thai Com 5 satellite TV ang mga programa ng GCN TV (www.gcntv.org) tulad ng mga sermon ni Dr. Lee at mga programa na nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa buong bansa. Dahil napakaraming nanunuod ng palabas, mabilis na naikakalat ang ebanghelyo ng kabanalan. Higit pa riyan, ang dalawang misyonerong ito ay nagbabahagi ng kapangyarihan ng Diyos sa kanilang masigasig na pamamahagi ng *Balitang Manmin* na isinalin din sa wikang Thai. Nangangaral din sila ng mensahe sa istasyong CRU Radio na sakop ang buong Thailand kasama na ang mga lugar sa pagitan ng pambansang hangganan tulad ng Myanmar at Laos.

Nangyari ang mga kamangha-manghang pagkilos sa pamamagitan ng pananalanging may panyo na pinanalanginan ni Dr. Lee. Tumanggap sa Panginoon kahit ang mga salamangkero at mga manggagaway sa pamamagitan ng panyong pinanalanginan (Ang Mga Gawa 19:11-12). Noong Setyembre 2009, Nobyembre 2010, at Pebrero 2011, niluwalhati ni Pastor Sungchil Lee ang Panginoon sa mga pulong na idinaos niya sa maraming lugar sa Thailand. Hindi mabilang na mga tao ang gumaling sa mga karamdaman nila sa mga pulong na ito.

### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0910-262-5465 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0905-649-1120 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |




# Nagbago ang Pakistan Dahil sa Pag-ibig ng Diyos

Hinahangad ng Diyos na iligtas ang lahat ng tao sa mundo. Kasama na dito ang Pakistan kahit na karamihan sa mga tao dito ay Muslim. Noong Marso 2012, nagbiyahe patungo sa Pakistan ang grupo ng mga misyonero ng Manmin at nanatili doon sa loob ng labingwalong araw at labingsiyam na gabi. Gumising sa mga pastor ang 'The Message of the Cross' na ginamit sa pagtuturo sa Seminar para sa kanila. Dinaluhan ito ng iba't ibang denominasyon at mga grupong may kinalaman sa relihiyon. Nagkaroon ng maalab na pagkilos ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng mga panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee. Pinatunayan nila na may Diyos na buhay at nanindigan silang totoo ang Biblia sa pagpapakita ng mga pagkilos ng Banal na Espiritu na ipinamalas din noon ni apostol Pablo sa Ang Mga Gawa 19:11-12. Kilalanin natin ang ministeryong ito.

### ◆ Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling sa Lahore na dinaluhan ng 10,000 Tao

Noong Marso 12, dumating si Pastor Taesik Gil (pangunahing pastor ng Daejon Manmin Church) at ang grupo ng pagmimisyon sa Islamabad, ang kabisera ng Pakistan. Kinabukasan, pinangunahan niya ang Krusadang may Pagpapagaling.

Noong umaga ng Marso 14, ipinangaral niya ang mga mensaheng may pamagat na 'The Reason God Placed the Tree of Knowledge of Good and Evil' (Ang Dahilan Kung Bakit Inilagay ng Diyos ang Punungkahoy ng Pagkakaalam ng Mabuti at Masama) at 'Why is Jesus Our Only Savior?' (Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas Natin?). Ang mga ito ay batay sa serye ng mga sermon ni Dr. Jaerock Lee na may pamagat na 'The Message of the Cross' (Ang Mensahe ng Krus). Nakinig nang mabuti ang mga dumalo, nagpalakpakan at nagsigawan dahil sa kagalakan. Kinahapunan, pinag-aralan ng mga pastor na taga-Pakistan at mga kinatawan ng kapulungan ang mga paraan kung papaano makikibahagi sa ministeryo ng Manmin. Pinili pa nila si Dr. Jaerock Lee bilang Tagapangulo ng Konseho ng mga Obispo at mga Pinuno ng Pambansang Iglesya sa Pakistan.

Kinagabihan, isang Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling ang idinaos sa lugar ng Full Gospel Assembly (FGA). Dinaluhan ito ng 10,000 tao. Pinatotohanan ni Pastor Taesik Gil ang pagpapagaling kay Kap. Sana Kahn noong Nobyembre ng nakaraang taon. Ito ang kasong namatay na ang sanggol (fetus) na ipinagbubuntis niya subalit muling nabuhay dahil sa panalanging may panyo. Ipinanganak niya ang isang malusog na sanggol. Nang marinig ito ng mga taong dumalo, niluwalhati nila ang Diyos, nagpapalakpakan at nagsisigawan sa galak.

### ◆ Ipinangaral ang 'The Message of the Cross' sa Sialkot kung saan nagsimula ang ebanghelyo sa Pakistan

Noong Marso 15-16, ang Seminar para sa mga Pastor ng Sialkot Church ay idinaos ng dalawang beses sa Sialkot kung saan nagsimula ang pangangaral ng ebanghelyo sa Pakistan. Ipinangaral ni Pastor Gil ang 'The Message of the Cross' kasama din ang kalooban ng Diyos sa pangangalaga ng sangkatauhan.

Noong Marso 17, isinagawa ang Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling sa Sialkot na dinaluhan ng 3,000 tao. Hindi mabilang ang mga taong umakyat sa entablado para magpatotoo sa naranasang paggaling nila pagkatapos na ipanalangin ni Pastor Gil gamit ang panyo. Pinigilan pa nga ang iba sa pag-akyat sa entablado dahil baka bumagsak ito. Gumaling si Naseen (50 taong babae) sa pagkabulag dahil sa diabetes. Si Mehmood Masih (45 taong lalaki) ay gumaling din ang operasyon sa nabaling binti. Nakalakad siya at itinapon na niya ang saklay niya. Marami pang iba ang nagbigay luwalhati sa Diyos. Noong Marso 18, nangaral ng mensaheng "Jesus Christ" si Pastor Samuel Pervez sa God the Trinity Church, ang iglesyang pinagpapasturan niya.

### ◆ Umapaw ang makapangyarihang pagkilos sa Faisalabad at Islamabad

Noong Marso 19-20, idinaos ang Seminar para sa mga Pastor sa Faisalabad. Pinangunahan ito ni Pastor Bashir L Mall, Obispo ng Pakistan United Methodist Assembly. Sinabi ng dumalong pastor, "Marami akong katanungan tungkol sa buhay Cristiano, pero nasagot ngayon ang lahat ng ito." Sinabi ng isa pang pastor, "Napagtanto ko ang kaibahan ng mga pangalang Jesus at Jesu-Cristo at ang dahilan kung bakit tinawag ni Jesus si Maria na 'babae'."


Lahore


Sialkot


Islamabad


Rawalpindi


Hyderabad

Noong Marso 22, isinagawa ang Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling sa Islamabad Jesus Calls Church. Kinabukasan, idinaos ang Seminar para sa mga Pastor sa Islamabad at Rawalpindi at ang Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling. Sinabi ng isang pastor, "Ako ay 'doctor of divinity' pero ngayon ko lang narinig ang ganitong mensahe. Ipinapakita nito sa aming mga pastor kung ano ang daang dapat tahakin." Dinala ang isang 7 buwang gulang na sanggol na si Zulekha sa Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling. Hindi normal ang paglaki niya, mapapayat ang mga binti at baliko pa. Naging tuwid ang mga ito pagkatapos na ipanalangin ni Pastor Gil. Bukod dito, marami pang mga kamangha-manghang pagkilos ang naipamalas noon kaya niluwalhati ng mga tao ang Diyos.

### ◆ Umaapaw ang mga Patotoo sa Rawalpindi

Noong Marso 24-25, nagkaroon ng Seminar para sa mga Pastor at Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling sa kahilingan ni Pastor George, Pangalawang Obispo ng Full Gospel Assembly.

Sa pamamagitan ng panalanging may panyo ni Pastor Gil, bumalik sa normal ang paningin ni Ruth David (55 taong babae). Nabulag ang kaliwang mata niya matapos maoperahan sa katarata apat na taon na ang nakakaraan. Nakalakad si Emmanuel (73 taong lalaki) mula sa kapansanan dahil sa stroke. Lumiit ang bukol sa kili-kili ni Aziz-ud-sin (64 taong lalaki). Naitataas na niya ang braso niya ngayon. May isang paralisadong naka-stretcher na ipinanalangin sa kanyang diabetes. Maya-maya pa, nakapagsalita siyang muli pagkatapos ng labing-apat na araw. Umapaw pa ang ibang mga patotoo ng paggaling noong araw na iyon.

### ◆ Tumanggap ng pagpapala ang Karachi sa pamamagitan ng mga programa ng Sermon ni Dr. Lee

Noong Marso 25, nakipagpulong ang grupong nagmimisyon sa lokal na brodkaster ng cable TV sa Karachi, para pag-usapan ang pagtutulungan sa pagsasahimpapawid kasama si Asif Nazir, direktor ng Isaac TV (ang Pangulo ay si Pastor Anwar Fazal). Sabi nila, "Hinahangad ng mga tao sa Karachi na mapakinggan ang mga sermon ni Dr. Lee sa Isaac TV at hiniling nila sa mga istasyong lokal ng cable na ibrodkast ang mga sermon niya." Noong panahong iyon pumirma sila ng kontrata ng pagsasahimpapawid sa Isaac TV. May ilang mga istasyon ng cable TV na Muslim. Isinasahimpapawid ng Isaac TV ang mga programa ng GCN TV (www.gcntv.com) tulad ng mga sermon ni Dr. Lee at mga programa ng Manmin nang higit sa walong oras

### ◆ Nagpalista ang samahan ng mga pastor sa Hyderabad bilang sangay at katuwang na mga iglesya ng Manmin

Noong Marso 26, lumipat ang grupo ng mga misyonero sa Hyderabad, isang lungsod na may dalawang milyong tao. Mayroong humigit-kumulang na apatnapung pastor sa buong lungsod at dalawampu dito ay miyembro ng Samahan ng mga Pastor sa Hyderabad.

Sinabi ng mga pastor na dumalo sa pang-umagang seminar, "Napakalaking biyaya ang mapakinggan ang kahulugan ng malalalim at misteryosong mensahe." Pagkatapos ng seminar, nagparehistro ang lahat ng miyembro ng samahan bilang sangay at katuwang na mga iglesya ng Manmin. Kinagabihan, nagdaos ng Mahimalang Krusada at nagpakitang muli ng kamangha-manghang kapangyarihan ang Diyos. Nabulag si Subaha Masih (75 taong lalaki) pagkatapos maoperahan ang mga mata niya dalawang taon na ang lumipas. Habang ipinapanalangin siya na may panyo, may pumasok na sinag ng liwanag sa kanang mata niya at naging malinaw ang paningin niya.